

TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA



PINAKAMABABANG SAHOD

MGA NAKATAKDA NA PINAKAMABABANG SAHOD SA CHICAGO (MCC 6-105)

Hulyo 1, 2022 ang Petsa ng Pagiging Epektibo	Malalaking Employer 21 o higit pang empleyado	Maliliit na Employer 4 hanggang 20 empleyado	Mga Manggagawang Kabataan	Mga Manggagawang Tumatanggap ng Tip		
				Malaki	Maliit	Kabataan
pinakamababang Sahod	\$15.40	\$14.50	\$12.00	\$9.24	\$8.70	\$7.20
pinakamababang Sahod sa Overtime	\$23.10	\$21.75	\$18.00	\$16.94	\$15.95	\$13.20

Dapat makatanggap ang lahat ng Kasambahay o Domestic Worker ng hindi bababa sa \$15.40 na pinakamababang sahod. Kung ang sahod kasama ang mga tip ay hindi katumbas ng pinakamababang sahod, dapat bayaran ng Employer ang kulang.



BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL MAY SAKIT

INAATAS ANG BAYAD NA PAGLIBAN PARA SA MGA KADAHILANANG MEDIKAL O PANGKALIGTASAN (MCC 6-105)

Dapat magbigay ang mga Employer sa mga Empleyado ng Bayad na Pagliban Dahil May Sakit (Paid Sick Leave, PSL) para pangalagaan ang kanilang mga sarili o ang isang miyembro ng pamilya kung nagtatrabaho sila nang hindi bababa sa 80 oras sa loob ng anumang 120 araw na panahon.

Pag-ipon ng Pagliban	Paggamit ng Pagliban	Pag-carry Over
1 oras ng PSL para sa bawat 40 oras na trinabaho (hanggang 40 oras sa isang 12 buwang panahon) ang maaaring maipon.	Hanggang 40 oras sa unang taon (hanggang sa 60 oras sa loob ng pangalawang 12 buwang panahon) ang maaaring gamitin.	Maaaring ma-carry over ang kalahati ng mga oras ng PSL sa susunod na 12 buwang panahon (hanggang 20 oras). Sa ilang partikular na kaso, hanggang 40 oras ang maaaring ma-carry over.



PAGNANAKAW NG SAHOD

IPINAGBABAWAL ANG PAGNANAKAW NG MGA SAHOD AT BENEPISYO (MCC 6-105)

Pagnanakaw ng Sahod	Mga Paglabag at Multa
<ul style="list-style-type: none">Nangangahulugan ang Pagnanakaw ng Sahod ng hindi pagbabayad ng mga sahod, kabilang ang bayad na panahon ng pagliban o iba pang bayad na benepisyoDapat bayaran ng Mga Employer ang Mga Empleyado sa tamang oras	<ul style="list-style-type: none">Maaaring makuha ng mga empleyado ang mga hindi nabayarang sahod kasama ang bayad para sa pinsalaMaaaring mapailalim ang mga lumalabag sa mga multa o sibil na aksyon



PANGANGALAKAL NG TAO

PROTEKTADO ANG MGA MANGGAGAWA SA ILALIM NG BATAS NG CHICAGO AT ILLINOIS

Kung ikaw o ang kakilala mo ay pinupuwersang makibahagi sa anumang aktibidad o pinupuwersang magtrabaho, hindi makaalis, kinukuhanan ng suweldo, kinukuhanan ng pasaporte o ID at itinago ito, o pinagbabantaang ide-deport kung hindi magtatrabaho,

Tumawag sa Pambansang Hotline sa Pangangalakal ng Tao (National Human Trafficking Hotline) sa 1-888-373-7888 o I-text ang "HELP" sa 233733 para magamit ang libreng tulong at mga serbisyo.

Magagamit ito sa lahat ng oras sa 160 wika at pinapangasiwaan ito ng isang organisasyong hindi ahensiya ng pamahalaan.



MAGHAIN NG REKLAMO

Tumawag sa 311, gamitin ang CHI 311 app, o maghain ng Form ng Reklamo sa [Chicago.gov/LaborStandards](https://www.chicago.gov/LaborStandards).

Para sa karagdagang detalye, kabilang ang buong listahan ng mga exempted na Empleyado, bisitahin ang [Chicago.gov/LaborStandards](https://www.chicago.gov/LaborStandards) o makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards) sa bacplaborstandards@cityofchicago.org o 312-744-2211.

Dapat ipakita ang Abisong ito sa isang madaling makitang puwesto sa lugar na pinagtatrabahuhan at ibigay kasama ng unang paycheck ng bawat Sakop na Empleyado. Ipinagbabawal ang paghihiganti. Epektibo ang abiso sa Hulyo 1, 2022. Huling binago noong Hulyo 1, 2022.